

Koshigaya Messenger

Ang Koshigaya Messenger ay na lumalabas kada unang linggo ng buwan.
Tumawag sa opisina kung may katanungan, at iba pa tungkol dito.

FOR INQUIRIES: Koshigaya City International Affairs (KOKUSAIKA)

☎048-963-9114, City Hall Main Building – 3F
Community Activity Support Section



Website♪



Instagram♪



Mga Nilalaman...

- ◆ **Page 1** : Disaster Preparedness
- ◆ **Page 2** : National Health Insurance
Tax Payment & Consultation
Price Hike Support Coupons
- ◆ **Page 3** : Tomoni Aruko... Tet sa Vietnam
- ◆ **Page 4** : Japanese Classes for March

CONSULTATION SERVICES FOR FOREIGN RESIDENTS (FREE)

- ✓ Koshigaya City Hall Main Building 3rd floor
9:00-am – 4:30pm, Monday to Friday
- ✓ Community Activity Support Center
10:00am – 4:30pm, Everyday
- Visa-Related Consultation (every 3rd Wednesday)
- Legal Consultation (every 4th Wednesday)

EMERGENCY PREPAREDNESS CORNER

IHANDA NA MAGING SHELTER ANG SARILING BAHAY SA PANAHOON NG EMERGENCY

Importante na ihanda ang sariling tahanan na maging shelter sa panahon ng disaster at emergency dahil mas kumportable at mapanatag kung nasa sariling bahay sa panahon ng emergency kumpara sa temporaryong maninirahan sa evacuation shelter at iba pa.

Mga kailangan ihanda at dapat naka-stock sa bahay:

1. Emergency food at tubig na inumin



3. Emergency light at portable na lutuan



2. Portable toilet at iba pang sanitary goods na pwedeng gamitin sa paglilinis



4. Cellphone apps, Radio, TV at iba pa na pwedeng mapagkunan ng impormasyon



IMPORMASYON: Crisis and Management Office (KIKI KANRI SHITSU), ☎048-963-9285
City Hall Main Building – 3rd floor

NOTIPIKASYON KAUGNAY SA NATIONAL HEALTH INSURANCE

Kailangan gawin ang sumusunod na pagproseso sa loob ng 2 linggo upang maiwasan ang doble na pagbabayad ng premium o health insurance tax.

1) **Pag-proseso ng pagsali sa NHI:** kung nawala ang membership sa employee's health insurance (EHI) o *shakai hoken* dahil huminto sa trabaho at iba pa

MGA DADALHIN: Katibayan na nawala ang eligibility sa EHI (certificate of resignation/retirement, etc.), My Number Card/Notification, Residence Card

2) **Pag-proseso ng paghinto sa pagsali ng NHI:** kung nagkakaroon ng ibang health insurance tulad ng sa pinapasukang kompanya (EHI) at iba pa.

MGA DADALHIN: Bago at lumang health insurance card, etc.

My Number Card/Notification, Residence Card

*Pwedeng isumite ang pagproseso by postal mail. Para sa katanungan, magtanong sa opisina ng National Health Insurance and Pension Section

IMPORMASYON: National Health Insurance and Pension Section (KOKUHO NENKIN KA)

☎048-963-9146 / City Hall Building 2 – 1st floor

KONSULTASYON AT PAGBABAYAD NG BUWIS TUWING LINGGO, ATBP

SAAN: Tax Collection Section, Koshigaya City Hall Main Building 2nd Floor

PAANO: Tumawag o di kaya magpunta ng direkta sa opisina sa nakatakdang iskedyul

ISKEDYUL	SERBISYO
Marso 19, Huwebes 5:15pm – 8:00pm	Konsultasyon kaugnay sa pagbabayad na buwis *Sarado ang mga payment counters sa araw na ito
Abril 5, Linggo 9:00am – 3:00pm	Pagbabayad at konsultasyon kaugnay sa residence tax (JUMINZEI) Pagbabayad at konsultasyon kaugnay National Health Insurance (NHI) tax

IMPORMASYON: Tax Collection Section (SHUNO KA), ☎048-963-9142

TULONG KAUNGAY SA PAGTAAS NG PRESYO NG MGA PAMILIHIN

Upang makatulong kahit kaunti sa patuloy na pagtaas ng presyo ng mga pamilihin, ang Koshigaya City ay magbibigay ng *coupons* para sa bawat residente ng Koshigaya na naka rehistro hanggang Marso 1. Ang *coupon* ay magagamit sa pamamalengke at iba pa.

HALAGA NG COUPON: ¥3,000 para sa bawat residente, at adisyunal na ¥5,000 bawat para sa household na hindi napapatasan ng residence tax (residence tax exempt households)

KAILAN IPAMIMIGAY:

Ang notipikasyon ay ipapadala sa head ng household ngayong katapusan ng Abril.

PAANO GAMITIN ANG COUPON:

I-scan ang coupon sa iyong smartphone o di kaya ipakita ito sa tindahan tuwing mamimili

*Tandaan, Magagamit lamang ang coupon sa mga tindahan na sumasali sa programang ito.

IMPORMASYON: ☎048-963-9335 (Call Center)

Lunes – Biyernes, 8:30am – 5:15pm

~Tomoni Aruko~



Illustrated by Saiinji-san

Kumusta ka? Ako Pham mula sa bansang Vietnam. Ngayon ay nakatira at nagtatrabaho ako sa Koshigaya bilang CIR. Sa artikulo ng “Tomoni Aruko” ngayong buwan, gusto kong ibahagi ang pagdiriwang ng Vietnamese lunar new year, na tinatawag sa salitang Vietnam na ‘Tet’ . Naranasan ko ang pagdiriwang nito sa Nanwa-ji temple, isang Vietnamese temple dito sa Koshigaya City.

.....

Mula sa katapusan ng Enero hanggang sa gitna ng Pebrero ay ipinagdiriwang ang isa sa pinaka mahalagang tradisyonal na kaganapan sa Vietnam na tinatawag na Tet o Vietnamese Lunar New Year. Sa mga panahong ito, nagkakaroon ng selebrasyon sa Nanwa-ji temple dito sa Koshigaya kung saan napakaraming tao ang sumasali sa pagdiriwang. Naging lugar ito para sa mga Vietnamese community na nakatira sa Japan at sa mga ibang lahi na may interes sa kultura ng Vietnam.

Habang papunta pa lang ako sa temple grounds sa araw ng selebrasyon, nakita ko ang napakaraming Vietnamese at ibang lahi na pumapasok sa Nanwa-ji temple. Habang pumapasok ako sa bakuran ng templo, lalo kong naramdaman na para akong bumalik sa Vietnam. Ang altar ay puno ng mga bulaklak ng plum at peach blossoms. Ang mga ito ay espesyal na bulaklak at kdalasang inaalay kay Buddha lalo na sa panahong ng pagdiriwang ng Tet. May nakita rin akong mga lanterns, carrying poles, hanging scrolls at iba pang mga palamuti na nagsisimbolo ng kultura ng Vietnam. Maraming nagpunta na boong pamilya at may mga kasamang ibang lahi. Ang iilan sa mga ito ay nagsuot ng tradisyunal na damit ng Vietnam na tinatawag na Ao Dai.

Pagkatapos ng oras panalangin, nag-enjoy ang lahat sa picture taking, mga sayaw at iba pang presentasyon. Ang hindi ko makalimutan ay ang mga paputok at ang lion dance. Napaka nostalgic nito para sa akin dahil huli ko itong nakita noong bata pa lang ako. Pagkatapos ng seremonya, may ipinamimigay na Vietnamese vegetarian vermicelli para sa lahat. Nag enjoy talaga ako ng husto sa pagdiriwang ng Vietnamese new year kahit nandito ako sa Japan. Ang pagdiriwang ng Tet sa Nanwa-ji temple sa Koshigaya ay ginaganap taon-taon. Samantalain ang pagkakataong ito na maranasan ang pagdiriwang ng Vietnamese new year!



JAPANESE LANGUAGE CLASSES CALENDAR – MARSO 2026

Sun	Mon	Tue	Wed	Thu	Fri	Sat
1	2	3	4 ☆Nihongo Circle* ☆Kosumo Nihongo Salon	5	6 ☆Nihongo de Go! (Coop Plaza Koshigaya)	7 ☆Lingual Koshigaya ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu ☆Kosumo Nihongo Salon Sengendai ☆Tabunka Kodomo Gakushu Juku
8	9	10	11 ☆Nihongo Circle* ☆Kosumo Nihongo Salon	12	13 ☆Nihongo de Go! (Minami Koshigaya Community Center)	14 ☆Lingual Koshigaya ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu ☆Kosumo Nihongo Salon Sengendai
15	16	17	18 ☆Nihongo Circle* ☆Kosumo Nihongo Salon	19	20 Vernal Equinox Day	21 ☆Lingual Koshigaya ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu ☆Kosumo Nihongo Salon Sengendai ☆Tabunka Kodomo Gakushu Juku
22	23	24	25 ☆Kosumo Nihongo Salon	26	27 ☆Nihongo de Go! (Minami Koshigaya Community Center)	28 ☆Lingual Koshigaya ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu ☆Kosumo Nihongo Salon Sengendai
29	30	31	*May pasok lamang kung nakasulat sa kalendaryo ang pangalan ng grupo o organisasyon.			

GRUPO/ORGANISASYON	KAILAN	SAAN AT PINAKAMALAPIT NA TRAIN STATION
NIHONGO CIRCLE 【¥ 100 PER LESSON】 *Childcare services: ¥100 (kailangan ng reserbasyon)	Miyerkules 10:00am ~ 12:00noon	SAAN: Central Community Center 4F/5F (ADRES: Koshigaya 4-1-1) STATION: Koshigaya Station East Exit (7-min. walk) IMPORMASYON: ☎048-974-5642 (SHIRATA-SAN)
KOSUMO NIHONGO SALON 【¥ 100 PER LESSON】	Miyerkules 7:00pm ~ 8:30pm	SAAN: Community Activity Support Center (ADRES: Koshigaya-shi Yayoico 16-1 Koshigaya Twin City B-City 5F) STATION: Koshigaya Station East Exit (1-min. walk) IMPORMASYON: ☎090-5347-2041 (KOJIMA-SAN)
NIHONGO DE GO! 【¥ 100 PER LESSON】	Biyernes 1:30pm ~ 3:30pm	(1) SAAN: Coop Plaza Koshigaya (ADRES: Minami Koshigaya 5-4-37) (2) SAAN: Minami Koshigaya Community Center – Palette (ADRES: Minami Koshigaya 4-21-1) STATION: Shin Koshigaya Station West Exit (5-6 min. walk) IMPORMASYON: ☎090-5574-7070 (TAKAYAMA-SAN)
LINGUAL KOSHIGAYA 【LIBRE】	Sabado 10:00am ~ 12:00noon	SAAN: Central Community Center 4F/5F (ADRES: Koshigaya 4-1-1) STATION: Koshigaya Station East Exit (7-min. walk) IMPORMASYON: ☎080-3478-3314 (SUZUKI-SAN)
TABUNKA KODOMO GAKUSHU JUKU 【LIBRE】	Sabado (1st & 3rd) 1:30pm ~ 3:30pm	SAAN: Community Activity Support Center (ADRES: Koshigaya-shi Yayoicho 16-1 Koshigaya twin City B-City 5F) STATION: Koshigaya Station East Exit (1-min. walk) IMPORMASYON: ☎090-7422-2002 (OGAWA-SAN)
KOSUMO KODOMO KYOSHITSU & KOSUMO NIHONGO SALON SENGENDAI 【LIBRE】	Sabado 1:30pm ~ 3:30pm	SAAN: Resona Youth Base (Saitama Resona Sengendai Branch 3F) (ADRES: Koshigaya-shi Sengendai 1-5-17) STATION: Sengendai Station West Exit (3-min. walk) IMPORMASYON: ☎090-8310-9522 (INCHARGE)

